KRITIKE VOLUME SEVEN NUMBER TWO (DECEMBER 2013) 84-94

Article

# Ang Landas ng Pagtatanong ni Heidegger ukol sa Teknolohiya: Pagtatalas sa Tanong sa *Sein*

***Emmanuel C. de Leon***

**Abstract:** This paper attempts to expound the thoughts of Martin Heidegger in the Filipino language. It focuses on an aspect of Heidegger's philosophy which has tremendous relevance to the modern world and the modernizing Philippine context. This paper aims to show the connection between Heidegger's philosophy of technology and his main task of elucidating the Question of Being (*Seinsfrage*). It argues that Heidegger's rediscovery of the historical truth of Being from the early Greeks brings him to his questions concerning technology. The paper begins with Heidegger's deconstruction of the whole history of Western metaphysics in order to retrieve a kind of thinking that is responsive to the call of Being. It also discusses Heidegger's exposition of the danger of modern technology that challenges nature to produce something for stockfilling and use. His way out of the danger is by creating an ever awake condition on the part of man. Man, as he responds to the call of Being, must retrieve his origin-al role in the destining of Being. He must be watchfull, for sleeping in a bank is a very dangerous vice.

**Keywords:** Heidegger, Being, Filipino language, technology

## Panimula

Sa simula pa lamang, ang pamimilosopiya ni Martin Heidegger ay nakatuon sa paglilinaw ng kahulugan ng tanong tungkol sa *Sein* (*Seinsfrage*). Nanggagaling ang proyektong ito sa kanyang pangunahing *thesis* na ang mismong kasaysayan ng kanluraning metapisika ay isang kasaysayan ng pagkalimot sa tanong sa *Sein*. Gamit ang kaisipan ng penomenolohiya, binalangkas ni Heidegger ang landas ng katotohanan ng *Sein* na talagang nangyayari sa iba't ibang panahon ng kasaysayan *upang* ma*talas*tas ang tunay na relasyon ng Dasein sa *Sein*. Samakatuwid, tinatanong ng papel na ito ang kaugnayan ng pagtatanong ni Heidegger

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

ukol sa teknolohiya at ng kanyang pangunahing adhikain na malinawan ang kahulugan ng tanong tungkol sa *Sein*.

Layunin ng papel na ito ang maisiwalat ang kaugnayan ng ontolohiya ni Heidegger sa kanyang pilosopiya sa teknolohiya sa pamamagitan ng pagmumuni muni sa daan ng katotohanan na binalangkas ni Heidegger. Ang matapat na pagsama sa masalimuot na pag-iisip ni Heidegger ang diskarte ng papel na ito. Bibigyang diin rin dito ang kapalaran ng pag-iisip ni Heidegger na nauwi sa *dead-end* at ilang posibleng ruta palabas sa nasabing sitwasyon ng pag-iisip. Harinawa'y dalhin tayo ng mismong kaisipan tungo sa pagkaunawa na bumubukal sa mailap na paglalantad at pagtatago ng katotohanan ng *Sein*.

## Ang Mapanganib na Pagkalimot sa Tanong sa *Sein*

Ang salitang "limot" ay tumutukoy sa estado ng hindi pagkaalam sa isang bagay na dati namang nalalaman. Ganito isinalawaran ni Heidegger ang kalagayan ng pag-iisip sa larangan ng metapisika. Sa paningin ni Heidegger, ang kasaysayan ng Kanluraning Metapisika ay kasaysayan ng pagkalimot sa katanungan sa *Sein*.[1] Ano ang ibig sabihin ni Heidegger sa akusasyon niyang ito? Kung ang metapisika, sa mayamang kahulugan ng salitang ito, ay ang sangay ng pilosopiya kung saan ang pangunahing proyekto ay ang pagtatanong tungkol sa *Sein*, bakit nasabi ni Heidegger na ang buong kasaysayan ng kanluraning metapisika ay ang pagkalimot sa mismong suheto nito? At, ano ang sanhi at bunga ng sinasabing pagkalimot na ito sa atin bilang mga tao?[2]

Para kay Heidegger, ang pinaka-tanong ng metapisika, i.e., "Ano ang *Sein*?," ay itinatanong habang nakakaligtaan ang pag-uusisa sa katotohanan ng mismong *Sein*. Nangyari ito, ayon kay Heidegger, nang ituon ang pagmemetapisika sa *ano* ng mga bagay na nakikita sa kanilang pagka-lantad. Samakatuwid, sa paglalagom ni Heidegger, ang bulto ng

---

[1] Sa "Introduction" ng *Being and Time*, isinanalaysay ni Heidegger ang mga sintomas ng pagkalimot sa *Sein*. Sabi niya, "We do not know what 'being' means. But already when we ask, 'What is being?' we stand in an understanding of the 'is' without being able to determine conceptually what the 'is' means." Martin Heidegger, *Being and Time*, trans. by Joan Stambaugh (New York: State University of New York Press, 1996), 4 (Sa mga susunod, ang mga halaw sa kathang ito ay ilalagay na *BT*).

[2] May kahirapan ang pagsasalin ng salitang *Sein* sa wikang Filipino. Maging si Heidegger ay hindi maipaliwanag ang mismong essensya nito. Sa kanyang "Letter on Humanism," tinangka niyang ipaliwanag ang ano ng *Sein.* Maingat niyang itinanong, "Yet Being—what is Being? It is It itself." Tingnan sa Martin Heidegger, "Letter on Humanism," in *Basic* Writings, ed. David Farrell Krell (USA: HarperCollins Publishers, 1993), 234. Ipapasya nating gamitin ang orihinal na salitang *Sein* sa papel na ito upang mapanatili ang yaman at posibilidad ng kahulugan nito.

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

kasaysayan ng Kanluraning metapisika ay ang pagiging istranghero ng tao sa katotohanan ng *Sein* (*Seinsvergenssenheit*).

Kung ang pagtatanong na metapisikal ay sinasabi ni Heidegger na pagtatanong ng mga istranghero sa katotohanan ng mismong suheto nito, samakatuwid mayroon ngang orihinal na paraan ng pagtatanong sa metapisika. Ayon kay Heidegger, ang mga sinaunang Griyego ang nakakaalam kung paano magmuni muni sa *Sein*. Nguni't sa pagdaan ng maraming panahon at pag-usbong ng syentia, ito ay nakalimutan at natuon na lamang sa mga bagay na pwedeng manipulahin at kwentahin. Kaya nga, pinag-ukulan ng pansin ni Heidegger ang "paghakbang-pabalik" sa mga sinaunang Griyego upang bawiin, sa paraang malikhain, ang orihinal na kahulugan ng *Sein*.

Ang *Sein*, sa orihinal na pagkaunawa ng mga Griyego, ay nangangа*hulug*ang *phusis*—bilang paraan ng kusang pagbubuyangyang o paglalantad mula sa pagkakatago. Sa paglalantad na ito mula sa pagkakatago, ang *Seindes* o ang mga bagay bagay ay nananatili sa pagkalantad. Ang pananatiling ito sa pagkalantad (*aletheia*) ang nagbigay daan para masuri ang mukha o hitsura—ang pagka-*ano*, na siya rin namang naging sentro ng pagmemetapisika. Ang pagtuon sa pagka-*ano* ng mga bagay ang naging dahilan upang makalimutan ang pagtatanong sa *Sein* mismo.

Mahalaga sa pilosopiya ni Heidegger ang kanyang pagmumuni-muni sa katotohanan. Ginalugad niya ang tradisyunal na kahulugan ng katotohanan na naging "*veritas est adequatio rei et intellectus*"[3] o ang tinatawag na *correspondence theory of truth*. Ang problema sa ganitong konsepto ng katotohanan, ayon kay Heidegger, ay ang kahirapang malaman ang pisikal na relasyon ng simbolo (sinasalita o sinusulat) sa mismong laman ng isip. Nililinawan ni Heidegger na ang salitang katotohanan sa salitang Griyego ay *aletheia*, na literal na nangangahulugang paglalantad ("unhiddenness").[4] Ang paggamit niya ng salita ay nagmumungkahing mayroon lamang katotohanan kung mayroong inilalantad. Samakatuwid, ang katotohanan ay mayroon nang presensya, pero nakatago pa.

Ang *Sein* bilang *aletheia* ay isang pangyayari ng pagtatago at paglalantad, isang lantarang-pagtatago.[5] Nguni't, ang mabagsik na

---

[3] Tingnan sa Martin Heidegger, "On the Essence of Truth," trans. by John Sallis, in *Pathmarks*, ed. William McNeill (Cambridge: Cambridge University Press, 1998), 138.

[4] *BT*, 265/222.

[5] Sinabi ni Heidegger, "The unconcealing of the concealed into unconcealment is the very presencing of what is present. We call this the Being of beings." Martin Heidegger, "Logos," in *Early Greek Thinking*, trans. by David Farrell Krell and Frank Capuzzi (San Francisco: Harper San Francisco, 1984), 64.

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

kasaysayan ng Kanluraning Metapisika ay eksklusibong nagwawaldas ng oras sa paglalantad lamang ng *Sein* at mistulang kapalaran nitong malimutan ang essensya ng katotohanan ng *Sein* bilang *aletheia*. Ang tanong ngayon, saan nga ba nanggaling ang mapanganib na pagkalimot sa katanungan sa *Sein*?

Ang nakahain na tanong ay mayroong tatlong implikasyon. Una, kailangan natin galugarin nang masinsinan kung paano mismo nagtanong si Heidegger sa tunay na pinagmulan ng pagkalimot sa *Sein*. Pangalawa, mistulang may pagdududa si Heidegger kung may kakayahan ba talaga ang nagtatanong na Da-sein na matakasan ang pagiging makakalimutin. At pangatlo, na may relasyon sa pangalawa, pinupunto nito ang isang pagta*tama* ng katungkulan ng Da-sein bilang pala-isip sa kasalukuyang teknolohikal na sitwasyon.[6]

Kung taimtim nating pakikinggan ang pagmumuni muni ni Heidegger mula sa pagkaunawa ng mga sinaunang Griyego sa orihinal na kahulugan ng *Sein*, mapapansin natin ang ugnayan ng *Sein* (bilang *phusis*) at katotohanan (bilang *aletheia*).[7] Subalit, ang kasaysayan ng kanluraning metapisika ay naka-sentro sa pagtatanong ng pagka-*ano* (mukha ng paglalantad) ng *Seindes* at mistulang kapalaran[8] nitong makalimutan ang presensya ng katotohanan ng *Sein* bilang pangyayaring lantaran-pagtatago (*aletheia*). Hindi ito isang konsepto, sa pagkamalay ni Heidegger, na

---

[6] Sa section 44 ng *Being and Time*, inusisa ni Heidegger ang tunay na relasyon ng katotohanan at *Sein* mismo. Sa pamamagitan ng paghimay sa tradisyunal na pag-unawa sa katotohanan, naliwanagan si Heidegger sa makapangyarihang ginagampanan ng *Da-sein* sa pagtatanong sa *Sein*. Gayunpaman, nilalagom ni Heidegger na, "[t]he Being of truth is connected primarily with Dasein. And only because Dasein is constituted by disclosedness (that is, by understanding), can anything like Being be understood; only so is it possible to understand Being." (*BT*, 272). Sa madaling salita, ang Heidegger ng *Being and Time* ay kumbinsido sa kakayahan ng *Da-sein* na maunawaan ang kahulugan ng *Sein* (analytic of Da-sein). Idinagdag pa niya, "…truth *is* only in so far as and as long as Dasein is" (*BT*, 272). Pero, sa mga pahuling sinulat niya, may pagkiling na si Heidegger sa pagpapaubaya sa mismong *Sein*. Kailangan magbigay ng abiso sa kaibahan ng *Later Heidegger* upang maging mas malinaw at magalang ang pagsunod natin sa kaisipan ni Heidegger.

[7] Pinapaburan ni Heidegger ang kahulugan ng katotohanan bilang *aletheia*, ang "lantaran-pagtatago," kaysa sa modernong kahulugan nito na nakabatay sa *correspondence*. Sa modernong panahon, masasabing totoo ang isang sinabi, halimbawa "Pula ang kulay ng kotse ni Marcial," kung ang pinatutungkulan nito ay tunay na kotseng kulay pula na pag-aari ng isang taong nagngangalang Marcial. Walang masama sa ganitong klase ng pagtingin sa katotohanan. Subalit, para kay Heidegger, hindi ito ontolohikal at samakatuwid hindi mahalaga sa kanyang proyekto ng pagtatalas ng katanungan sa Sein.

[8] "Or does it belong to the essential destiny of metaphysics that its own ground withdraws from it because in the rise of unconcealedness its essential core, namely, concealedness, remains absent in favour of that which is unconcealed, which can thereby first appear as beings?" Martin Heidegger, "Introduction to 'What is Metaphysics?'" trans. by Walter Kaufmann, in *Pathmarks*, ed. William McNeill (Cambridge: Cambridge University Press, 1998), 280-281.

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

nalalagyan ng konkretong depinisyon. Ang *katotohanan* ng *Sein*, ayon kay Heidegger, ay isang pangyayari. Ang *Sein*, sa orihinal na pagkaunawa dito, ay nag-nga-ngayon (present) sa kasaysayan. Upang maunawaan natin ito, pagnilayan muna natin kung ano ang ibig sabihin ni Heidegger sa "kasaysayan."

Sa ordinaryong pag-unawa sa kasaysayan, ito ay isang sistematikong pag-aaral ng mga tao, lugar, at mga pagkakataon na nangyari na sa nakaraan. Ang kasaysayan nga ay matatagpuan sa makakapal at maalikabok na mga libro na naglalaman ng makinis na kwento tungkol sa mga nangyari na upang ma*gamit* sa kasalukuyan at sa hinaharap. Sa madaling salita, kung nais mong malaman ang Kasaysayan ng *Sein* (sa ganitong ordinaryong pag-unawa sa kasaysayan), kailangan mo lamang bumisita sa *library* at maghalungkat ng mga libro tungkol dito. Ayon kay Heidegger, isa itong *historiography* (*Historie*) at hindi *history* (*Geschicte*) sa ontolohikal na pag-unawa. Ano ang kaibahan ng dalawa?

Sa depinisyon ni Heidegger, ang *Historie* ay isang syentia ng pagtitipon ng mga *factum* (mga bagay na nasa harapan mo; nakahandang siyasatin). Para maipaliwanag ang kaibahan nito sa *Geschicte*, tinatanong ni Heidegger, "Ano nga ba ang ibig sabihin ng kasaysayan bilang disiplina?"[9] Upang maipaliwanag ito, pinatawan niya ng depinisyon ang *Historie* bilang tiyakang pagpapaliwanag ng nakaraan sa perspektibo ng saysay nito sa kasalukuyan at hinaharap. Samakatuwid, ang mga bagay bagay ay ipinapalagay na pwedeng kwentahin at isaayos upang magamit at mamanipula.[10] Ang "tiyakang pagpapaliwanag" na ito ng nakaraan ay nanggagaling sa ka*hilig*ang ikulong sa mababagsik na depinisyon ang mga bagay bagay. Tinitingnan nito ang nakaraan bilang mga *artefact* na maaaring kwentahin para magamit sa hinaharap. Samakatuwid, ang kasaysayan, sa ganitong pagtingin, ay ang mga nangyari na.

Ang kasaysayan bilang *Geschicte*, sa kabilang banda, ay may kaugnayan sa kapalaran o tadhana. Galing ito sa salitang Aleman na *Schicken* na nangangahulugang "ipadala." Sa ganitong pagtingin, ang kasaysayan ay mayroong buhay-na-daloy at ang nakaraan ay nasa kasalukuyan pa rin sa kanyang paglalantad. Para sa mga maka-*Geschicte* na kasaysayanador, ang mga pangyayari sa nakaraan at patuloy pa ring nangyayari sa kasalukuyan. Ang kasaysayan, sa ontolohikal na pagkaunawa ni Heidegger, ay *nangyayari*. Isa itong pangyayari ng

---

[9] Tingnan sa Martin Heidegger, *Contributions to Philosophy (From Enowning)*, trans. by Parvis Emad and Kenneth Maly (Indianapolis: Indiana University Press, 1999), 347. (Sa mga susunod, ang mga halaw sa kathang ito ay ilalagay ng *CP*).

[10] Sa kanyang *Enowning*, tahasan niyang ipinaliwanag ang *Historie*, "The ascertaining explaining of the past from within the horizon of the calculative dealings of the present. Beings are hereby presupposed as what is orderable, producible, and ascertainable" (*CP*, 347).

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

paglalantad at pagtatago ng *Sein*.[11] Samakatuwid, kung tayo ay magtatanong ng mismong kasaysayan ng *Sein*, ang kasaysayan bilang disiplina ay hindi nababagay. Maaaring may gamit ang *ontic* na pamamaraan ng *Historie*, pero kung tayo ay nagtatanong tungkol sa talagang kasaysayan ng *Sein*, isang magalang na pagkikinig sa mismong pinakikinggan (sa mismong *Sein*) ang dapat nating pagtuunan ng pansin. Ito ang "nakalimutan" ng tao sa pag-usbong ng mapag-kwentang pag-iisip. Inaanyayahan tayo ni Heidegger na tingnan ang kasaysayan ng *Sein* sa mismong essensya nito.

Dahil sa pagkaunawa ni Heidegger sa katotohan ng *Sein* bilang pangyayari na "lantaran-pagtatago" sa iba't ibang yugto ng kasaysayan, nagmuni muni siya sa uri ng paglalantad ng *Sein* sa modernong panahon, ang panahon ang makabagong teknolohiya.

## Ang mga Katanungan Tungkol sa Teknolohiya

Sa kanyang sanaysay na "*Die Frage nach Der Technik*" ("Mga Katanungan Tungkol sa Teknolohiya") matiyagang nagmuni muni si Heidegger sa esensya ng teknolohiya. Ginalugad niya ang dimensyon ng teknolohiya hindi upang kalkalin at manipulahin ito nang sa ganun ay makabuo ng isang konkretong patakaran tungkol sa takbo ng mga makina. Sa halip, ayon kay Heidegger, ang gawaing ito ay isang bukas na pakikipagtagpo sa *Sein*.[12] Ano ang pag-unawa ni Heidegger sa teknolohiya? At, bakit mahalaga ang mga katanungan ni Heidegger tungkol sa teknolohiya?

Kaugnay ng *pagkagising* ni Heidegger sa katotohanan ng *Sein* bilang "lantaran-pagtatago" sa kasaysayan (para maging mas sakto: Ang *Sein* ay Kasaysayan), natuon ang kanyang pag-iisip (*Denken*) sa esensya ng teknolohiya. Sa karaniwang pananaw, ang teknolohiya ay isang gamit o instrumento ng tao upang maisakatuparan ang kanyang gustong mangyari. Masasabi nga raw na ang teknolohiya ay naka-base sa patakaran ng sanhi at bunga (*cause and effect*). Dito mismo sa ordinaryong konsepto ng teknolohiya bilang kasangkapan o instrumento nagdududa si Heidegger. Kaya nga, inusisa muna niya ang orihinal na kahulugan ng "kadahilanan"

---

[11] "Being as en-owning is history. It is from this perspective that what is ownmost to history must be determined, independently of the representation of becoming and development, independently of the historical [as discipline] observation and explanation" (*CP,* 348).

[12] Kaugnay dito, sinabi ni Heidegger, "The Relationship will be free if it opens our human existence to the essence of technology." Martin Heidegger, *The Questions Concerning Technology and Other Essays*, trans. William Lovitt (San Francisco: Harper & Row, 1977), 3. (Sa mga susunod, ang mga halaw sa kathang ito ay ilalagay ng *QCT*).

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

(*causality*).[13] Sa kanyang pag-uusisa, natagpuan niya sa mga sinaunang Griyego ang orihinal na paggamit sa "kadahilanan" bilang *aiton* o "paglikha" na may kaugnayan sa kahulugan ng *poeisis* (pagkatha-ng-isang-bagay). Pero napansin ni Heidegger na wala sa apat na uri ng "dahilan" (*material, formal, efficient, at final cause*) ang kakayahang "lumikha" ng isang bagay. Maging ang *causa efficeins*, ayon kay Heidegger, ay hindi maituturing na siyang lumikha sa isang bagay. Kung mataimtim ang pagsama natin sa pagmumuni muni ni Heidegger, maririnig natin na sinasabi niyang mayroon pang isa na nagdudulot at pinagkakautangan ng pagka-*Sein* labas sa apat na "dahilan."[14] Pero, ano ang kaugnayan nito sa mga katanungan tungkol sa teknolohiya? Kung ang pamimilosopiya ni Heidegger ay nakatuon sa pagpapalinaw ng *Seinsfrage*, bakit siya nagtatanong tungkol sa teknolohiya?

Ang teknolohiya ay hindi lang basta instrumento upang makuha ang ninanais ng tao. Sa mas orihinal na kahulugan ng teknolohiya bilang *techne*, isa itong uri ng paglalantad na napapaloob sa kahulugan ng *poeisis*.[15] Samakatuwid, nailantad ni Heidegger ang kahulugan ng teknolohiya na malayong malayo sa maka-makinang kahulugan nito. Paano nga ba nagyayari (naglalantad) ang teknolohiya sa makabagong panahon?

Sa pagmumuni muni ni Heidegger sa esensya ng teknolohiya, naliliwanagan siya sa kaakibat na panganib ng paglalantad ng makabagong teknolohiya na malayong malayo sa *poeisis*. Ang modernong teknolohiya ay nauunawaan sa makabagong panahon bilang "mapagpilit" [*Herausfordern*]. Pinipilit nito ang mundo na maglabas ng bagay bagay para magamit ng tao sa kasalukuyan o sa hinaharap. Ang tao, bilang suheto na tinitingnan ang mundo bilang *bestand* (o bagay na nasa harapan para gamitin o ireserba), ang siyang tumatayong mapilit at manggagamit.

Sa kabila ng ginagampanan ng tao sa modernong panahon bilang mapilit na manggagamit, hindi ibinabato ni Heidegger ang sisi sa mga tao. Ang mga "katanungan" ni Heidegger tungkol sa teknolohiya ang naglantad ng hindi matatakasang gapos na tinatawag niyang *Enframing*. Sa loob ng kondisyon ng *Enframing*, ayon kay Heidegger, ang tao ay walang magagawa kundi tingnan ang mga bagay sa harapan niya bilang gamit

---

[13] Kaugnay sa pagmumuni muni ni Heidegger sa "kadahilanan," sinabi niya, ""For a long time we have been accustomed to representing cause as that which brings something about" (*QCT*, 7).

[14] "*Causa, casus*, belongs to the verb *cadere*, "to fall," and means that which brings it about that something falls out as a result in such and such a way.... What we call cause [*Ursache*] and the Romans call *causa* is called *aiton* by the Greeks, that to which something else is indebted [*das, was ein anderes verschuldet*]" (*QCT*, 7).

[15] "Technology is therefore no mere means. Technology is a way of revealing. If we give heed to this, then another whole realm for the essence of technology will open itself up to us. It is the realm of revealing, i.e., of truth" (*QCT*, 10).

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

kasama na rito ang kanya mismong sarili. Nakita ni Heidegger sa puntong ito ang tunay na panganib.[16] Sa unang tingin, ang tao ang siyang nagmamaniobra at sinusunod ng mga bagay. Ngunit sa mas malalimang pagtingin, ang tao mismo ay nasa bingit ng panganib na maibaba sa abang kalagayan ng mga bagay na nakahandang gamitin sa anumang oras. Paano tayo makakatakas sa panganib na dulot ng essensya ng modernong teknolohiya?

Sa pag-unawa ni Heidegger, hinding hindi natin matatakasan ang panganib na ito at nasa mismong panganib ang posibilidad ng pagkaligtas. Sa halip, isang kalagayan ang dapat yakapin ng tao kung gusto niyang makawala sa gapos at panganib ng *Enframing*. Hindi ito tahasang pinangalanan ni Heidegger. Tinawag lamang niya ito sa isang bansag na *Ereignis* kung saan isa itong kalagayan ng hindi palagay o laging handa sa posibilidad at panganib na tingnan ang mga bagay bagay bilang simpleng gamit lamang. Sa ganitong uring pananaw, walang magagawa ang pag-iisip na syentipiko. Maging ang tradisyunal na pilosopiya, sa pagtingin ni Heidegger, ay natatapos na kung gusto nating manatili sa presensya ng *Sein*. Sa *Ereignis*, ang gagampanan lamang ng tao ay ang maghintay sa pagtalab ng Sein. Ito nga ang sinasabing pagdiriwang sa Sein sa katapusan ng pilosopiya.

## Ang Kapalaran ng Pag-iisip ni Heidegger: Isang *Aporia*

Sa takbo ng pag-iisip ni Heidegger, ang kaliwanagan sa katotohanan ng *Sein* bilang naglalandtad-nagtatago sa mismong kasaysayan ay tumuturo sa pagtatanong kung ano nga ba ang papel ng tao (Dasein) sa pagtatanong sa *Sein*. Dahil sa masinsinang pagmumuni muni, para kay Heidegger, ang tao nga ay napapaloob sa kasaysayan ng *Sein*.[17] Taliwas ito sa tema ng makabagong panahon na naniniwala sa tao bilang sentro ng santinakpan. Kung nais ng taong mamuhay na malapit sa *Sein*, kailangan niyang matutunang maghintay ng may pananabik sa "pagtatakda" ng *Sein*. Samakatuwid, ang *wakas* ng pilosopiya, bilang uring pag-iisip na nagdidiriwang sa mga bungang-isip, ay pinamamalita na ni Heidegger. Sa puntong ito, ang kapalaran ng pag-iisip ni Heidegger ay ang pagkatagpo sa

[16] Sa puntong ito, nakikita na natin na para kay Heidegger ang pagtingin natin sa mga bagay na nakapaligid sa atin ay siya ring pagtingin natin sa ating sarili.

[17] "Who accomplishes the challenging setting-upon through which what we call the real is revealed as standing-reserve? Obviously, man. To what extent is man capable of such a revealing? Man can indeed conceive, fashion, and carry through this or that in one way or another. But man does not have control over unconcealment itself, in which at any given time the real shows itself or withdraws. The fact that the real has been showing itself in the light of Ideas ever since the time of Plato, Plato did not bring about. The thinker only responded to what addressed itself to him" (*QCT*, 18).

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

isang *aporia*. Sa harap ng isang *dead-end*, hindi na nga makaka-abante ang isang palaisip. Wala na siyang magagawa kundi ang isuko (*Gelassenheit*) ang kanyang sarili, ang "mag-isip" labas o lampas sa pilosopiya. Sa katapus-tapusan, inilalantad ni Heidegger ang orihinal na katayuan ng tao, pero hindi siya nagbibigay ng reseta kung paano nga mamuhay bilang tao. Hinahayaan niyang bukas ang larangan ng buhay para sa malayang pakikipagrelasyon ng tao sa lahat lahat. Hindi niya sinasagot ang mailap na tanong sa *Sein* hindi lang dahil walang kongkretong sagot dito, kundi dahil isa itong misteryo na hinding hindi mahuhuli sa isang konsepto. Gayunpaman, sa ating pagsunod sa pag-iisip ni Heidegger, ginigising tayo sa ating mga kinahuhumalingan sa makabagong panahon.

Sa kabilang banda, maaari rin namang sabihin na ang pilosopiya ni Heidegger ay isang panawagan na humanap ng mga panibagong daan palabas sa tradisyunal na patakaran ng Kanluraning Pilosopiya. Gumamit tayo ng paghahalimbawa. Ang pilosopiya ni Heidegger ay maihahalintulad sa karanasan ng pagkaligaw sa gitna ng isang masukal na kagubatan. Kung ikaw ay naliligaw, hinahamon ka ng iyong sitwasyon na hanapin ang tamang daan o hindi kaya ay gumawa ng panibagong daan palabas ng kagubatan. Kaya nga, masasabi natin na ang mga natagpuan ni Heidegger sa kanyang pagmumuni muni sa mismong naglalantad-nagtatagong *Sein* ay nag-iiwan sa atin ng panibagong gawain—ang ipagpatuloy ito sa paraang *bago* o mas mainam sigurong sabihing sa paraang orihinal at nababatay sa ating mismong katayuan bilang tao.

## Isang Paglalagom

Sa puntong ito, mistulang ipinamamalita na ni Heidegger ang ka*tapus*an ng pilosopiya. Ang Kanluraning Metapisika na nagwawaldas ng oras sa katotohanan ng *Sein* ay dumating na sa dulo at wala nang mapupuntahan pa. Kung totoo ang sinasabi ni Heidegger, ano na ang kapalaran ng tao sa katapusan ng pilosopiya? Anong klaseng kalagayan ang dapat paghandaan ng tao sa katapus-tapusan ng pilosopiya? Sa isang mapagnilay na paraan, sinagot ni Heidegger ang katanungang ito nang buong ingat,

> Let me respond briefly and somewhat ponderously, but from long reflection: philosophy will not be able to effect an immediate transformation of the present condition of the world. This is not only true of philosophy, but of all merely human thought and endeavour. Only a god can save us now. The sole possibility that is left for us is to prepare a sort of

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

> readiness, through thinking and poetizing, for the appearance of the god or for the absence of the god in the time of foundering (*Untergang*); for in the face of the god who is absent, we founder.[18]

Ang paghihintay sa pagdating ng "diyos" sa lugmok na kalagayan (*foundering stage*) ng modernong panahon ay nangangahulugan ng paglalagay sa sarili sa isang hindi palagay na sitwasyon. Isang *poetic dwelling*, ang terminolohiyang ginamit ni Heidegger, ang kailangan pag-aralan ng tao bilang kanyang saloobin sa kasalukuyang panahon. Ang isang makata (ma*katha*), isang mulat sa kung anumang nagpapakita, ay patuloy na naaakit at lumalapas sa nakikita. Tinatawag ito ni Heidegger na "*other thinking*." Isang pag-iisip o mentalidad na malayong malayo sa makamakina at mapag-kwentang pag-iisip. Hindi ito nangangahulugang titigil na ang tao at matutulog na lamang sa pansitan habang naghihintay. Isang malikhaing pagkatha na umuusbong sa mapagpaubayang pagninilay ang kailangang yakapin ng tao.

Sapagkat hindi tayo inaakay ng mapag-kwentang pag-iisip sa isang ontolohikal na katotoohan, ipinapakita ni Heidegger sa kanyang mambabasa ang kahalagahan ng "pagpapaubaya" at mapagnilay na pag-iisip. Ang ganitong kalagayan ang magdadala sa tao pabalik sa kanyang sarili mismo. Samakatuwid, isang may pananabik na pagbalik sa sarili ang itinu*turo* ni Heidegger.[19] Dahil sa tinatawag ni Heidegger na "*Fallenness*" sa *Being and Time*, nakalimutan nga ng tao ang tunay niyang katayuan bilang tao. Ito ang sinasabi ni Heidegger na malikhaing pagbalik (*creative retrieval*) sa orihinal essensya ng tao.

May kahirapan ang paggawa ng isang paglalagom sa pilosopiya ni Heidegger dahil maging siya mismo ay walang kahiligan sa paglalahat ng mga bagay bagay. Para sa kanya, ang katotohanan ay hindi natutulog sa pansitan, mailap, at hinding hindi maikukulong sa iisang kahulugan. Ang istilo ng pamimilosopiya ni Heidegger ay nakatuon sa pagdanas ng mga bagay upang sa ganun ang mismong pag-iisip ang mag-akay sa kanya sa isang kahulugan. Samakatuwid, ang uring pag-iisip ni Heidegger ay naka-sentro sa pagmumulat sa parte ng mga mambabasa na makinig at mag-isip sa mas orihinal na paraan, sa isang uri ng pag-iisip na hindi tayo ang bida. Ang muling pagkakatuklas ni Heidegger sa kakanyahan (*inherent nature*) ng *Sein*, na "lantarang pagtatago" ng sarili sa kasaysayan, ay nag-aanyaya sa

---

[18] Martin Heidegger, "Only a God Can Save Us: *Der Spiegel's* Interview with Martin Heidegger," in *The Heidegger Controversy*, ed. Richard Wolin (Cambridge: MIT Press, 1993), 107.

[19] Sanabi ni Heidegger, "Travelling in the direction that is the way toward that which is worthy of questioning is not an adventure but a homecoming." "Letter on Humanism," 271-272.

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC

atin na danasin ito ayon sa mismong kakanyahan ng *Sein*. Dahil dito, inaanyayahan tayo ni Heidegger na tumanaw pabalik sa mismong sarili natin. Maaari nga nating sabihin, kung talagang tama si Heidegger, na ang pagkalimot sa *Sein* ay siya ring pagkalimot ng mga tao sa kanyang katayuan bilang mortal. Sa madaling salita, ang krisis ng makabagong panahon ay produkto nga ng pagkalimot sa tanong sa *Sein*.

*Department of Philosophy, University of Santo Tomas, Philippines*

## References

Heidegger, Martin, "Introduction to 'What is Metaphysics?'" trans. by Walter Kaufmann, in *Pathmarks*, ed. William McNeill (Cambridge: Cambridge University Press, 1998).

___________, "Letter on Humanism," in *Basic* Writings, ed. David Farrell Krell (USA: HarperCollins Publishers, 1993).

___________, "Logos," in *Early Greek Thinking*, trans. by David Farrell Krell and Frank Capuzzi (San Francisco: Harper San Francisco, 1984).

___________, "On the Essence of Truth," trans. by John Sallis, in *Pathmarks*, ed. William McNeill (Cambridge: Cambridge University Press, 1998).

___________, "Only a God Can Save Us: *Der Spiegel's* Interview with Martin Heidegger," in *The Heidegger Controversy*, ed. Richard Wolin (Cambridge: MIT Press, 1993).

___________, *Being and Time*, trans. by Joan Stambaugh (New York: State University of New York Press, 1996).

___________, *Contributions to Philosophy (From Enowning)*, trans. by Parvis Emad and Kenneth Maly (Indianapolis: Indiana University Press, 1999).

© 2013 Emmanuel C. de Leon
http://www.kritike.org/journal/issue_13/de leon_december2013.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC